

Ano ba ang VoIP?

Ang Tinig sa *"Internet Protocol"* (VoIP) ay isang serbisyo na papayag sa inyong tumawag sa telepono sa pamamagitan ng *"Internet"*. Bagong-bago ang serbisyo na ito at nagiging popular ngayon dahil sa maaring mas mura para sa mga tawag na *"long distance"* at internasyonal.

Ang VoIP ay gagawin na *"digital signal"* ang *"voice signal"* mula sa telepono, at kung tumatawag kayo mula sa regular na telepono, gagawing *"signal"* ng telepono na regular uli ang *"digital signal"* na iyan sa kabilang dulo ng tawag.

Gamitin ninyo itong *"brochure"* na karaniwang patnubay para sa serbisyo ng VoIP, ngunit siguradohin ninyo na makukuha ninyo lahat ng mga detalye mula sa alinmang kompanya na mayroon kayong kasunduan.



Ano ba ang kailangan ninyo para sa VoIP?

Kailangan na mayroon kayong serbisyo na *"broadband Internet"*. Depende sa klase ng serbisyo ninyo, maaring kailangan ninyo ang isang *"computer"*, *"modem"*, isang espesyal na teleponong VoIP, isang *"adapter"* para sa inyong telepono, o maari din na wala kayong kailangan na kasangkapang espesyal.

Ano ba ang kailangan ninyong malaman tungkol sa paggamit ng VoIP?

- Ang VoIP ay gagana kung may kuryenteng elektrik, kaya maaring hindi oobra kung may *"power failure"*. Tanungin ninyo sa kompanya kung hahanda sila ng baterya na *"back-up"* at kung gaanong haba ang buhay nito kung mawala ang kuryenteng elektrik.

- Siguradohin ninyong hilingin ang tiyak na impormasyon tungkol sa serbisyo sa kagipitan na 9-1-1 na hinahanda ng kompanya. May ilang mga kompanya na naghahanda ng serbisyong *"E-911"*, at sa serbisyong ito kaya ng *"dispatcher"* sa kagipitang malaman kung saan kayo tumatawag. May mga ibang kompanya na hindi naghahanda ng katulad na katangian sa kanilang serbisyo na 9-1-1, at mayroon pang mga ilang kompanya na hindi man lang naghahanda ng 9-1-1.
- Ang serbisyo ay maaring naghahanda o hindi naghahanda ng tulong sa direktoryo o ng mga direktoryo na may mga pahinang puti.
- Walang kapangyarihan ng CPUC sa VoIP. Hindi kayang pasiyahan ng CPUC ang mga sumbong ninyo.
- Maari kayong pumili ng *"area code"* para sa inyong serbisyo sa VoIP na iba sa *"area code"* ng lugar na tinitirahan ninyo. Maaring mabuti ito para sa inyo depende sa kalagayan ninyo. Gayunman, hihilingin nila na magbayad ng singil para sa *"long distance"* ang mga tumatawag sa inyo mula sa ibang *"area code"* kahit na nakatira sila sa lugar na malapit sa inyo at *"vice versa"*.

VoIP

Tinig sa “Internet Protocol”

Ano ba Ito,
Ano ang
Maaring Gawin
para sa Inyo




www.calphoneinfo.com
1 (800) 649 7570 – “Hotline” ng CPUC

PARA SA KARAGDAGAN IMPORMASYON PUMUNTA SA:

www.cpuc.ca.gov
www.fcc.gov
www.ftc.gov

Kid Keypad © 2006 Charles Boyce • Computer Characters



Ako’y si “Keypad Kid” na naghahatid sa inyo
ng *“Plain Talk Series”*
tungkol sa impormasyon sa telepono!

Kahit na hindi kayo matutulungan ng CPUC
tungkol sa mga problema ng serbisyo sa VoIP,
kaya nilang tumulong sa inyo tungkol sa mga
ibang problema sa telepono na hindi ninyo
kayang lutasin. Maari kayong maghain ng
sumbong sa www.calphoneinfo.com o tumawag
sa CPUC “hotline” sa 1 (800) 649-7570.

VoIP



VoIP

Tinig sa “Internet Protocol”



Tinatangkilang ng “California Public Utilities
Commission” katulong ang mga
kompanya ng telepono
at mga organisasyong pang-komunidad.
www.calphoneinfo.com

Plain Talk Series
Tagalog, Feb. 2008